



## Pagsuporta sa Oryentasyon ng Inyong Anak sa Edukasyon para sa Malilit na Bata at Mga Serbisyo sa Pangangalaga

TAGALOG

Mahalaga ang isang magandang simula sa edukasyon para sa maliliit na bata. Mahalaga na maramdaman mo at ng inyong pamilya na tanggap, ligtas, at sinusuportahan sila. Ang mga unang araw sa serbisyo ay nakatuon sa pagkilala ng inyong anak sa iba pang bata at pagsisimula sa isang ugnayang may pagtitiwala sa kanilang mga guro, tagapagturo, at iba pang propesyonal para sa maliliit na bata.

Ginagabayan ng *Balangkas sa Maagang Pagkatuto at Pag-unlad sa Victoria* (Victorian Early Years Learning and Development Framework, VEYLDF) ang mga serbisyo ng Edukasyon at Pangangalaga sa Maliliit na Bata sa Victoria. Itinuturo ng balangkas na ito sa mga tagapagturo na ang 'pagkakakilanlan, pamilya, at kultural na kasaysayan ng mga bata ang siyang humuhubog sa kanilang pagkatuto at pag-unlad. Nararamdaman ng mga bata na tinatanggap sila at pinakamainam na natututo kapag iginagalang at kinikilala ng mga propesyonal ang kanilang natatanging pagkakakilanlan' (VEYLDF, 2016, pg. 12). Ang pag-unawang ito ang magiging sandigan sa lapit na isasagawa ng mga tagapagturo sa pagsuporta sa inyo at sa inyong anak habang nasa kanilang oryentasyon at panahon ng pagpapanatag sa kanilang bagong Serbisyo ng Edukasyon at Pangangalaga sa Maliliit na Bata.

Sa Mga Serbisyo ng Edukasyon at Pangangalaga sa Maliliit na Bata, tinitingnan ang pakikipagtulungan sa pagitan ng mga tagapagturo at mga pamilya bilang pundasyon ng isang de-kalidad na programa. Isang malakas na palatandaan ng isang de-kalidad na serbisyo ang pagkakaroon ng magalang na ugnayan mula sa simula. Puwede mong asahan na magiliw at masigla ang mga tagapagturo at hinihikayat nila ang paggamit ng [mga] wika ng inyong pamilya.

Puwedeng suportahan ng mga serbisyo ang pakikipagkomunikasyon sa iyo sa pamamagitan ng isang serbisyo ng pagsasalina sa telepono para matiyak na angkop kang nabigyan ng kaalaman at may pagkakataon na magtanong at humingi ng karagdagang impormasyon sa wika na pinakakomportable kang gamitin. Dagdag pa, isang pansuportang kawani na nagsasalita ng wika ng inyong pamilya ang puwedeng maging available para tulungan ang inyong anak sa maikling panahon habang binubuo nila ang ugnayan at pakiramdam na nabibilang sila sa serbisyo.

Kinikilala ng De-Kalidad na Edukasyon para sa Maliliit na Bata ang mga pamilya bilang 'pangunahing impluwensiya sa pagkatuto at pag-unlad ng mga bata' (VEYLDF, 2016, pg. 9). Pinapahalagahan at hinihingi ng mga tagapagturo ang input at pakikilahok ng pamilya sa programa para sa mga bata. Hindi lang nito pinapabuti ang kasanayan ng mga tagapagturo ngunit tinutulungan din ang mga bata na bumuo ng tiwala, seguridad at ugnayan sa mga taong nasa paligid ng kanilang edukasyon at pangangalaga at sa paligid ng kanilang tahanan kung saan napapaunlad pa ang mga resulta ng pagkatuto. Hinihikayat din ang mga pamilya na makisangkot sa serbisyo at dumalo sa mga paunang sesyon. Nakakatulong ito sa inyong anak na makaramdam ng kaligtasan at tutulungan kang maunawaan kung ano ang nangyayari sa serbisyo kapag naroon ang anak mo nang wala ka na.

Magkakaroon ng plano para sa oryentasyon ang inyong serbisyo para sa maliliit na bata para tulungan kayo at ang inyong anak na maging pamilyar sa mga serbisyo. Puwedeng kasama rito ang:

- pagbisita sa serbisyo kasama ang inyong anak bago magsimula ang pormal na pagpasok
- pagsisimula sa maikling sesyon at pagtataguyod ng mas mahahabang sesyon para tulungan kayo at ang inyong anak na maging komportable.

Maglalaan ng oras ang inyong mga tagapagturo para sa maliliit na bata na makasama kayo at magtatanong sa inyo ng ilang tanong tungkol sa inyo at sa inyong anak. Bibigyan sila nito ng mas malalim na pag-unawa sa mga pangangailangan ng inyong anak at tutulong silang gumawa ng isang programa na susulit sa mga oportunidad na matuto at magagandang resulta para sa inyong anak.

Ang mga halimbawa ng impormasyon na baka hilingin sa inyo ng mga serbisyo para sa maliliit na bata na ibahagi sa kanila ay:

- Impormasyon tungkol sa kalusugan ng mga bata – mga tala ng pagpapabakuna, mga medikal na pangangailangan, mga sakit o allergy.
- Mga kagustuhan sa pagpapalit ng diaper, mga kagustuhan sa paggamit ng banyo at mga ginagawa sa bahay.
- Mga pagkaing kinakain ng mga bata, nakagawian/nakasanayang oras ng pagkain.
- Mga pangangailangan sa pagpapahinga/pagtulog ng mga bata.
  - natutulog ba sila sa isang kupa, sa sarili nilang kama o katabi ninyo sa pagtulog?
  - Ano ang mga kantang nagpapakalma sa kanila?
  - Mayroon ba silang paboritong aklat, isang espesyal na laruan o kumot?
  - Mga anong oras sila karaniwang nagpapahinga/natutulog sa araw?
- Ano-anong pagdiriwang at tradisyon ang mahalaga sa inyong pamilya?
- Tatanggap ang mga tagapagturo ng anupamang impormasyon na gusto mong ibahagi sa kanila.
- Mayroon ka ring impormasyon tungkol sa inyong anak na gusto mong ibahagi sa mga Tagapagturo na tutulong sa kanilang magkaroon ng ugnayan sa inyong anak.

### Iba pang paraan para suportahan ang inyong anak habang pinapanatag sila sa kanilang serbisyo para sa maliliit na bata

- Maglaan ng oras na kasama ang inyong anak sa serbisyo – ipaliwanag ang mga proseso ng serbisyo sa inyong anak, maglaro, magbasa ng mga kuwento at kumanta ng mga awitin sa sarili ninyong wika.
- Suportahan sila sa pakikipag-usap sa iba pang bata. Puwede itong gawin sa pamamagitan ng paghikayat sa kanila ng umupo sa tabi ng iba pang bata, pagpapakilala ng inyong sarili sa iba pang bata, at pakilahok sa mga aktibidad at laro.
- Maglaan ng oras para makipag-usap sa inyong anak at sa iba pang bata na nagsasalita ng kapareho ninyong wika.
- Makipag-usap sa inyong anak tungkol sa kung ano ang kanilang nararanasan at nararamdaman: bigyan sila ng kumpiyansa at hikayatin sila.
- Tiyakin na kilala ng inyong anak kung sino ang kanilang mga tagapagturo, ang kanilang mga pangalan, at ipanatag sila na puwede silang lumapit sa mga ito kapag kailangan nila ng anumang tulong. Bigyan sila ng mga oportunidad na magsanay sa pagsasabi ng mga pangalan ng kanilang tagapagturo kasama mo at mag-role play kung paano humingi ng tulong.
- Palaging magpaalam bago umalis at ipanatag ang inyong anak na babalikan ninyo sila sa ibang pagkakataon. Isang magandang ideya para ipanatag ang inyong anak sa pamamagitan ng pagtulog sa kanila na makilahok sa isang aktibidad kasama ng isang tagapagturo at/o iba pang bata bago ka umalis.
- Talakayin ang mga proseso at ang paligid ng serbisyo sa mga bata sa gabi/umaga bago sila pumasok para bigyan sila ng pagkakataong makapagtanong ng anumang tanong at para masagot mo ang anumang alalahanin na mayroon sila.
- Tandaan na naroon ang mga guro at tagapagturo ng inyong anak para suportahan kayo at ang inyong anak habang nasa oras ng serbisyo.

#### References

Department of Education and Training, 2016. *Victorian Early Years Learning and Development Framework*.